

# NIZ Balitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone

PCC, LGU ng General Tinio nagkasundo para sa pagpapaunlad ng industriya ng paggagatasan... p3



Si Ernesto Mabalay Padolina kasama ang ilan sa mga inaalagaan niyang mga kalabaw sa Saudi, Pias, General Tinio, Nueva Ecija.

## Kasiyahang mula sa unang daloy ng gatas... at higit pa

Ni Estella Valiente

Ika-5 ng Pebrero, 2018. Kakaiba ang kasiyahang mapapansin sa tahanan ng pamilya Padolina sa Saudi, Pias, General Tinio. Ito'y bunsod ng isang tanging dahilan: natikman nila ang unang daloy ng gatas mula sa kanilang alagang kalabaw.

Sa araw na iyon, umabot sa anim na litro ng gatas ang nakuha nila sa apat na alagang kalabaw.

Nguni't bago nila naranasan ito, marami muna silang napagdaanan ng kawing ng mga pangyayari at sakripisyo ukol sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw.

### Balik-tanaw

Napakabihira ang magsasaka sa Nueva Ecija na mayroong 20 kalabaw. Nguni't kakaiba ang pamilya Padolina dahil ibayong dami sa bilang na iyon ang kanilang inaalagaan. Mayroon silang 110 *crossbred* na kalabaw na nagsimula lamang sa pag-aalaga ng isang native

na kalabaw.

Ang pamilya ni Ginoong Ernesto Mabalay Padolina o mas kilala sa kanilang lugar na Ka Erning, 66, ay di-maikakailang may "ginintuang kamay" sa pagpaparami ng alagang hayop. Bukod sa mga kalabaw, mayroon silang 15 kabayo, at 70 baka.

Ayon kay Ka Erning, bata pa lamang siya ay may alaga nang mga hayop ang kanyang mga magulang. Gayunman, unti-unting naibenta ang mga ito para matustusan ang pangangailangan ng kanilang pamilya.

"Bata pa lang ako noon ay tumutulong na ako sa mga magulang ko na mag-alaga ng mga hayop. Kaya noon pa man, pangarap ko na talaga na magkaroon ng sariling mga hayop sa paglaki ko," pagbabalik-tanaw ni Ka Erning.

Dahil sa kahirapan ng buhay ay tumigil siya ng pag-aaral pagkatapos ng

Sundan sa p.2



Ibayong pakinabang sa dalawang beses na paggagatas

Ni Mervalyn Tomas

p2



## Kasiyahang... mula sa p.1

elementarya at tumulong na lang sa paghahanap-buhay kaya namasukan bilang pastol ng baka sa isang rancho sa kanilang lugar hanggang sa makapag-asawa siya.

“Sampung taon akong naging pastol ng mga baka at sa gawaing iyon ay patuloy kong pinangarap na magkaroon ng sariling alagang mga hayop,” sabi niya.

Tatlumpu't isang taong gulang siya nang ngumiti ang katuparan ng kanyang pangarap. Nakabili siya ng *native* na bulong lalake at nang may dalawang taon na ay ipinagpalit niya ito sa isang taong gulang na babaing *native* na kalabaw din para gawing inahin.

Pinagtiyagaan niya itong inalagaan at umabot ng pitong taon bago ito ay mabuntis at manganak. Nang manganak, agad siyang bumili ng mestisong bulugan na may lahing *Bulgarian* sa kalapit nilang barangay.

Mula nang manganak ang kanyang kalabaw ay manaon na itong nabubuntis at nanganganak. Umabot sa 18 ang naging anak ng kanyang kalabaw at ni isa dito ay wala siyang ibinenta. Kapag babae ang naging anak ay inaalagaan niya ito nang mabuti para maging inahin samantalang ang mga lalaking anak naman ay ipinagpapalit niya ng babaeng kalabaw.

Binigyan din niya ang kanyang limang anak ng tig-isang kalabaw at naparami naman nila ito.

Ang mga kalabaw nila ay magkakasamang nakasuga sa rancho na kanilang nirentahan tuwing tag-ulan o buwan ng Hulyo hanggang Disyembre na siya ring panahon ng taniman sa kanilang lugar. Pagkatapos ng anihan ay ibinababa ang mga kalabaw mula sa bundok upang sa mga napag-anihang bukid manginain. Taun-taon ay ganito ang kanilang gawain.

Ang mga kalabaw nila ay pinararami na parang baka. Hindi ginagamit ang mga ito na pantrabaho o panggatasan. Madalang lang din silang magbenta ng para sa karne.

“Ito talaga ang pangarap ko, dumami ang mga alaga ko. Makita ko lang silang dumadami ay masaya na ako,” masayang wika ni Ka Erning.

### Pagsama sa programa ng PCC

Noong 2015, nakilala ng PCC si Ka Erning sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kanilang Municipal Agricultural Office. Nabanggit ni Gng. Rufina Abridgo, Livestock Inspector ng General Tinio, sa PCC na mayroong isang pamilya sa Barangay Pias na mayroong 110 kalabaw na pinararami lang kaya naman agad itong pinuntahan ng mga kinatawan ng ahensiya. Namangha sila sa dami

ng kalabaw na nanginginain sa isang pitak ng napag-anihan ng palay.

Hinikayat ang pamilya Padolina na sumapi sa programa ng PCC at gatasan ang kanilang mga kalabaw. Isinailalim sila sa dalawang araw na *social preparation training* kung saan ipinaliwanag nang mabuti ni G. Ericson Dela Cruz, kawani ng PCC, ang iba pang potensyal ng kanilang kalabaw gaya ng pagbibigay ng gatas.

Para mas lalo silang ma-engganyong maggatas ay inilibot sila ng *National Impact Zone team* ng PCC sa mga matatagumpay na mga maggatas ng San Jose City pagkatapos ng dalawang araw na pagsasanay tungkol sa tamang pag-aalaga ng gatasang kalabaw.

“Sa mga pagpapaliwanag at mga ipinakita n'yo sa amin, malaki pala ang nawawala sa amin sa hindi namin paggatas sa aming mga kalabaw,” banggit ni Ka Erning nang matapos ang paglilibot at pakikipanayam niya sa mga maggatas ng San Jose City.

Ayon kay Ka Erning, taun – taon ay karaniwang may 35 silang inahin na nanganganak. Kung gagatasan sana nila ay mahigit 100 litrong gatas araw-araw ang makukuha nila mula sa mga ito na magbibigay ng karagdagang kita sa kanilang pamilya.

### Umpisa ng paggatas

Nang makumbinsing maggatas ay nagpagawa agad si Ka Erning ng *milking parlor* na magagamit para sa sabay-sabay na paggatas ng limang kalabaw. Samantala, bilang paghahanda sa mga kalabaw ay pinurga, binakunahan at binigyan ng bitamina ang mga ito ng mga *technicians* ng PCC-NIZ.

Nguni't hindi naging madali ang umpisa ng kanilang paggatas. Dahil sanay na nakasuga ang mga kalabaw, mahirap silang papasukin sa ipitan. May ilang kalabaw na nagwawala o kaya'y nahihiga na lang kapag nasa ipitan na. Kaya unti-unti muna nilang sinanay ang mga kalabaw na pumasok sa ipitan.

Sa ngayon ay 10 kalabaw na ang kanilang ginagatasan.

“Nagpapasalamat ako sa PCC dahil sa mga ibinigay n'yong kaalaman sa amin. Mas napaunlad namin ang pag-aalaga ng aming mga kalabaw,” wika ni Ka Erning.

Ngayon, hindi lamang nasisiyahan ang pamilya Padolina dahil sa naiinom na gatas na dumadaloy sa kanilang mga gatasang kalabaw. Tuluy-tuloy din ang daloy ng kita mula sa mga gatas na kanilang napagbibilhan. ●



Si Hipolito Rafael ng Catalanacan, Science City of Muñoz, Nueva Ecija habang pinaiinom ng *milk replacer* ang kanyang mga alagang bulo.

## Ibayong... mula sa p.1

**Pagtaas ng kita ng mga magsasakang-maggatas ang isa sa mga pakinabang na idinudulot ng dalawang beses na paggatas ng kalabaw sa isang araw.**

Ito'y ayon sa pag-aaral ng Philippine Carabao Center (PCC) na tumukoy na halos limang beses ang pag-angat ng Return on Investment (ROI) sa pagsasagawa ng gawaing ito.

Ang pag-aaral ay pinangunahan ni Zadieshar Sanchez, isang *certified public accountant* at Administrative Officer V ng PCC.

Mula, aniya, sa 7.98%, nagiging 38.79% ang ROI sa dalawang beses na paggatas. Nangangahulugan ito na sa isang beses na paggatas, Php3,547.20 ang *net returns* samantalang sa dalawang beses na paggatas nang hindi gumagamit ng *milk replacer*, Php28,954.80 ang *net returns*. Kapag naman hindi gumagamit ng *milk replacer* bilang alternatibong pakain sa bulo pagkatapos na makonsumo nito ang *colostrum* sa inahin, nagiging triple and itinataas ng ROI o Php16,791.60 na *net returns*.

Ang dalawang beses na paggatas ay karaniwang isinasagawa sa umaga at hapon na may 10 hanggang 12 oras na pagitan, ayon sa mga mananaliksik.

Binigyang-diin sa resulta ng pananaliksik ang mga bagay na kailangang gawin upang magbunga nang maganda ang dalawang beses na paggatas. Ito ay base sa karanasan ni Leoncio Callo, isang magsasakang-maggatas sa Catalanacan, Science City of Muñoz.

Ang mga sumusunod ang payo ni Callo:

1. Isagawa ang dalawang beses na paggatas sa mga kalabaw na kauumpisa pa lang na gatasan. Huwag itong gawin sa mga sanay nang gatasan nang minsan sa isang araw.

2. Siguraduhing may karagdagang pakain para sa mga kalabaw pagkatapos silang gatasan sa umaga at hapon. Isagawa rin ang *dairy feed supplementation*.

3. Pagkatapos ng *colostrum feeding* sa mga bulo sa loob ng lima hanggang pitong araw, ihiwalay ang mga bulo sa kanilang mga ina at sanayin silang uminom ng gatas mula sa timba.

4. Para magkaroon ng mas malaking kita, gumamit ng *milk replacer* o gatas ng baka para ipainom sa mga bulo.

5. Siguraduhing may bibili sa mga ekstrang gatas o may malamig na imbakan para dito.

Ang mga sumusunod naman ang tinukoy na pakinabang ni Melchor Correa, isang magsasakang-maggatas sa San Jose City na halos tatlong taon nang naggagatas ng dalawang beses:

1. pagtaas ng tubo base sa ROI,

2. pagtaas ng produksyon nang lima o higit pang litro,

3. pag-ikli ng *calving interval*, at

4. pagpapanatili sa magandang *body condition score (BCS)* ng kalabaw.

Bunga ng kabutihang nakita sa isinagawang pag-aaral, inirerekomenda ng PCC na subukan at patuloy na isagawa ng mga magsasakang-maggatas ang teknolohiyang ito. ●





Si Mayor Ferdinand Bote (pangalawa mula sa kanan) at si Dr. Arnel del Barrio (pangatlo mula sa kanan) pagkatapos pirmahan ang MOA. Kasama sa larawan ang iba pang General Tinio LGU officials at ilang PCC-NIZ staff.

## PCC, LGU ng General Tinio nagkasundo para sa pagpapaunlad ng industriya ng paggagatasan

Ni Mervalyn Tomas

**Pumirma ng Memorandum of Agreement para sa pagpapaunlad ng industriya ng paggagatasan sa General Tinio ang Philippine Carabao Center (PCC) sa pangunguna ni Dr. Arnel del Barrio at ang mga opisyal ng lokal na gobyerno ng nasabing bayan sa pangunguna ni Mayor Ferdinand Bote.**

Ayon kay Wilma del Rosario, PCC-National Impact Zone

coordinator, malaki ang potensiyal ng General Tinio na umarangkada sa pagkakalabawan at paggagatasan dahil malaki ang *land area* nito na magandang paunlarin para sa *forage development*.

Labimpitong magkakalabaw ang nag-umpisang maggatas ng kanilang alagang *crossbred* na kalabaw noong February 5, 2018 sa pamamantubay ng *National Impact Zone team* ng PCC.

Ayon kay Estella Valiente, *Science Research Specialist II* ng PCC, plano ng mga magkakalabaw na paramihin ang kanilang aning gatas upang maiproseso sa iba't ibang produkto.

Maliban dito, gusto rin nilang magdebelop ng *tourism farm* dahil malapit ang kanilang lugar sa Minalungao Park.

Sang-ayon naman dito si Mayor

Bote, dahil ayon sa kanya, malaki rin ang potensiyal ng lugar para sa *market* ng mga produktong gawa sa gatas dahil daanan nga ito ng mga turistang dumarayo sa nabanggit na *tourist destination*.

Ipinahayag ni Mayor Bote na interesado siya na ang mga programa ng PCC ay maibaba sa mga mamamayan ng General Tinio dahil naniniwala siya na malaking tulong ito para sa kanilang bayan. ●

## Mga magsasakang-maggagatas sa Nueva Ecija nakatanggap ng pautang mula sa ACPC

Ni Mervalyn Tomas

**Mahigit 100 magsasaka na miyembro ng mga kooperatiba sa Nueva Ecija ang nakatanggap ng pautang mula sa Agricultural Credit Policy Council (ACPC) ng Department of Agriculture sa pamamagitan ng programa nitong *Production Loan Easy Access (PLEA)*.**

Apatnapu't isang mga miyembro ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative, 34 mula sa Simula ng Panibagong Bukas Producers Cooperative at 25 mula sa Parcutela Multi-Purpose Cooperative ay nakatanggap na ng pautang.

Nakakasa naman ang perang pautang para sa Pulong Buli Multi-Purpose Cooperative habang sinusuri pa ang mga isinumiteng papeles ng Catalanacan Multi-Purpose Cooperative at Bagong Pag-asa sa Bungo, Gapan Organization.

“Layunin ng PLEA na gawing mas madali at posible ang pangungutang para sa mga maliliit na magsasaka,” paliwanag ni Joshua Villanueva, *Financial Analyst* ng Philippine Carabao Center (PCC).

Idinagdag niya na prayoridad ng programang pautang na ito ang mga magsasakang hirap mangutang sa

mga bangko.

Ayon pa sa kanya, Php50,000 ang pinakamalaking halaga na maaaring hiram ng bawat isang magsasaka at ito ay may anim na porsiyentong interes kada taon.

“Gagamitin ng karamihan sa mga nanghiram ang pera para sa kanilang *dairy farm*. Dalawa hanggang 10 taon ang *loan maturity* depende sa paggagamitan nito. Wala rin itong *collateral*,” paliwanag ni Villanueva.

Maliban sa mga nabanggit na kooperatiba, nasa proseso rin ang

aplikasyon ng San Agustin Dairy Cooperative sa Isabela, Bohol Dairy Cooperative, Riceland Paradise Multi-Purpose Cooperative at Tambaoan Farmers Multi-Purpose Cooperative- pawang mga kooperatiba sa Bohol. Kasama rin sa ipinoproseso ang aplikasyon ng Lamac Multi-Purpose Cooperative at Compostela Market Vendors Cooperative ng Cebu.

Para sa mga interesado o may katanungan tungkol sa programang ito, makipag-ugnayan kay Joshua Villanueva sa *Business Development and Commercialization Unit* ng PCC. ●

# iASK

inyong alamin solusyong kaya natin!



Department of Agriculture

**PHILIPPINE CARABAO CENTER**

CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

## Ano ang *Surra* at ang dapat gawin tungkol dito?

Ni Clarissa Odsigue

Ang *Surra* ay isa sa mga pangunahing sakit na dumarapo sa kalabaw. Bagama't hindi na ito bagong sakit ay madalas na hindi napagtutuunan ng ibayong pansin dahil sa hindi sapat ang impormasyon ukol dito.

Sa mga datos na nakuha mula sa pagsusuri ng naturang sakit sa iba't ibang probinsya sa ating bansa, karamihan ng mga kaso ng *Surra* ay galing sa Mindanao at Visayas. Gayunman, mayroon din sa Luzon tulad sa mga probinsiya ng Nueva Ecija, Quirino, Cagayan, Isabela, at Bicol region.

Ang *surra*, na tinatawag na "bayawak", ay idinudulot ng *blood protozoa* na *Trypanosoma evansi*. Ito ay madalas nakukuha ng "definitive host" tulad ng kalabaw, baka, kabayo, at kamelyo mula sa kagat ng mga "biting flies" tulad ng *horse flies* o *Tabanus sp.*, (uri ng malalaking langaw na karaniwang makikita sa mga mapupunong lugar) na nagdadala ng nasabing *protozoa*.

Ilan pa sa mga maaaring magdala ng *T. evansi* ay ang mga "sucking insects" o mga insektong sumisipsip ng dugo, at mga *vampire bats*. Maaari ring maipasa ang *T. evansi* sa pamamagitan ng *placental transmission* o mula sa inunan ng inahin. Isa pa, maaari rin itong maipasa mula sa mga gamit na karayom na ginamit na sa isang hayop na mayroong ganitong sakit.

Ang *incubation period* o panahon mula sa *infection* hanggang sa pagpapakita ng sintomas ng *Surra* ay mula 5 hanggang 60 na araw.

## Paano malalaman kung may *Surra* ang alagang kalabaw?

Ang *blood parasite examination* o ang pagsusuri ng sample ng dugo ng hayop para sa presensya ng *T. evansi* ay isinasagawa sa laboratoryo. Dagdag pa rito, isinasagawa rin ang *polymerase chain reaction* o *PCR*, isang *molecular-based* naman na pagsusuri.

## Ano ang pwedeng gawin sa alagang kalabaw na may *Surra*?

Ilan sa mga ginagawang kontrol ay ang pagbibigay ng *trypanocidal drugs* tulad ng *isometamidium hydrochloride*, *diminazene aceturate*, at *melarsomine* sa mga apektadong hayop.

Isa pang pagkontrol na puwedeng gawin ay ang pagpuksa sa mga langaw na nagdadala ng naturang *T. evansi*, at isa na rito ay paglalagay ng mga *fly traps* tulad ng *NZI trap* at *Vavoua trap*.

## Ano ang mga sintomas sa kalabaw na may *Surra*?



LAGNAT



ANEMIA O  
PAGBABA NG PULA  
NG DUGO



ANOREXIA O  
PAGKATAMLAY  
NA KUMAIN



PAGPAYAT AT  
PAGBABA NG  
TIMBANG



PANGHIHINA



PAGKAKARON  
NG MANAS SA  
TIYAN AT DIBDIB



ABORTION O  
PAGKAKUNAN  
NG BUNTIS NA  
HAYOP



PAGKAMATAY

## PATNUGUTAN

Patnugot Eric P. Palacpac | Tagapamahalang Patnugot Rowena G. Bumanlag | Tagapamahala sa Isyung ito/Manunulat Mervalyn Tomas | Nag-ambag ng artikulo Estella P. Valiente, Clarissa A. Odsigue | Layout/Tagapamahala sa Sirkulasyon Chrissalyn L. Marcelo | Tagapayo Wilma T. Del Rosario Kasangguni Anselmo S. Roque | Pinunong Tagapagpaganap Arnel N. Del Barrio